



PATNUBAY NG PAGSASALA SA COVID-19 PARA SA MGA NEGOSYO AT MGA ORGANISASYON

In-update noong 6/5/2020

INTRODUKSYON

Ang dokumentong ito ay nagbibigay ng mga sintomas at patnubay ng pagsasala sa temperatura para sa mga negosyo at organisasyon. Ang patnubay na ito ay maaaring magpabago bilang kaalaman, transmisyong sa komunidad, at pagiging available ng PPE at pagbabago sa pagsusuri.

Ang mga pamamaraan ng pagsasala sa COVID-19 sa dokumentong ito ay dapat isagawa bago pumasok ang mga tauhan sa pasilidad upang simulan ang pagtatrabaho bawat araw.

TANDAAN: Kung sinumang tao ay bumabalik para magtrabaho pagkatapos ng tagal ng quarantine, hindi nila kailangan ng liham ng doktor na pinatutunayan na maaari silang bumalik sa trabaho at hindi rin nila kailangang masuri para sa virus bago bumalik sa trabaho. Ipinapayo namin sa mga employer na nangangailangan ng liham ng doktor o pagsusuri rin, dahil ang paggawa nito ay makakaapekto sa kakayahan ng mga medikal na tagapaglaan para sa mga pasyenteng may sakit at nababawasan ang kakayahan sa pagsusuri. Ang mga indibidwal na nakakumpleto na sa quarantine at walang sintomas ay dapat pahintulutan na bumalik sa trabaho.

Kapag sinuman sa mga tauhan ang ibinukod dahil sila ay nasuri na may COVID-19, maaari silang bumalik sa trabaho sa oras na matugunan nila ang mga saligan na inilarawan sa patakaran ng pagbabalik sa trabaho ng ACPHD [dito](#). Ang pag-uulit sa pagsusuri para sa COVID-19 ay hindi kinakailangan bago makabalik sa trabaho ang empleyado.

MGA TAUHAN NG PAGSASALA

1. Dapat hilingin sa lahat ng empleyado na bawat empleyado ay nagsasagawa ng mga sintomas at posibleng pagkalantad sa COVID-19 bago simulang ang kanilang shift. Bisitahin ang Patnubay ng mga Personal para sa Sariling Pagsusuri sa COVID-19 para sa higit pang impormasyon.
2. Ang mga Tauhan (empleyado, mga kontraktor, mga boluntaryo) na dumarating sa negosyo ay dapat suriin para sa mga sintomas ng COVID-19.

MGA TANONG SA PANG-ARAW-ARAW NA PAGSUSURI

Ang pagtatanong tungkol sa mga sintomas at pagkalantad sa COVID-19 ay hindi dapat palitan ng ibang mga pamamaraan tulad ng madalas na paghuhugas ng kamay, na ang bawat isa sa gusali ay nagsusuot ng takip sa mukha, na pinananatiling may layo na 6 na talampakan, at lumilikha ng mga pisikal na harang tulad ng mga bintana ng plexi-glass kapag sandaling ang mga tao ay lalapit nang higit sa 6 na talampakan, halimbawa ay para magbayad ng item.

Itanong ang mga sumusunod:

1. Sa loob ng 10 araw ikaw ay nasuri na may COVID-19 o nagkaroon ng pagsusuri na kinukumpirmang mayroon kang virus?
 Oo Hindi

2. Nakatira ka ba sa parehong tirahan, o nagkaroon ka ng malapit na kontak* sa nakalipas na 14 araw sa isang tao na ibinukod dahil sa COVID-19 o nagkaroon ng pagsusuri na kinukumpirmang mayroon silang virus?
- Oo Hindi
3. Nagkaroon ka ba ng isa o higit pa sa mga sintomas na ito ngayong araw o sa nakalipas na 24 oras, na bago o hindi ipinaliwanag sa pamamagitan ng dahilan bukod sa posibleng pagkakaroon ng COVID-19?
- Lagnat, Pagkaligkig o Paulit-ulit na Panginginig/Pangangatal
 - Ubo
 - Pamamaga ng Lalamunan
 - Paghingal, Kahirapan sa Paghinga
 - Pakiramdam na Hindi Pangkaraniwang Nanghihina o Napapagod
 - Kawalan ng Lasa o Amoy
 - Pananakit ng kalamnan
 - Sakit ng ulo
 - Tumutulo o baradong ilong
 - Pagdudumi
 - Pagduduwal o pagsusuka
- Oo Hindi

* Ang “Close contact” ay tinutukoy bilang paninirahan sa parehong bahay, na pagiging romantikong kapareha, pagiging tagapag-alaga, o pagiging nasa 6 na talampakan ng indibidwal na mas mahaba sa 15 minuto na mayroong COVID-19.

Kapag sumagot ng **OO** ang mga tauhan sa alinman sa mga tanong, [dapat silang ihatid sa bahay](#) at sundin ang mga hakbang ng pagbubukod/quarantine [dito](#).

PAGTATAKDA NG ESTASYON SA MGA TANONG SA PAGSASALA

1. Sino ang nagtatanong at sumasagot sa mga tanong?
 - Tukuyin kung sino ang tatanungin tungkol sa posibleng mga sintomas ng COVID-19 at posibleng nalantad sa COVID-19: mga tauhan lang o lahat ng pumapasok sa gusali?
2. Tukuyin kung sino ang tatanungin tungkol sa mga tanong sa pagsusuri sa COVID-19.
 - Bawasan ang bilang ng mga tauhan na nagtatanong tungkol sa pagsusuri. Kung wala kang sapat na tauhan, ang oras na kinakailangan para tanungin ang mga tauhan sa pagsasala ay maaaring lumikha ng pagsisiksikan sa pasukan, na mag-aantala sa pagsisimula ng trabaho at pagdudulot ng mahabang pila.
 - Ang mga indibidwal na nagsasagawa ng pagsasala ay dapat magsuot ng takip sa mukha o maskara sa mukha, alinsunod sa [Kautusan sa Pagtakip ng Mukha ng Alameda County](#).
3. Lumikha ng mas ligtas na mga paraan para magtanong:
 - Tandaan: Lahat ng adulto at kabataan ay dapat magsuot ng facemask o takip sa mukha kapag tinatanong para sa personal na pagsusuri, alinsunod dito. Ang mga walang face mask o takip sa mukha ay maaaring bigyan ng isa, kung mayroong supply. Ang takip sa mukha na ito ay maaaring kasing simple ng bandana o katulad ng kuwadradong tela.
 - Tanggalin ang mga bagay na ginagamit din ng iba. Halimbawa, huwag magpahiram ng mga bolpen. Kapag ang mga bagay ay kailangang ipahiram, disimpektahin pagkatapos ng bawat paggamit.

4. Kailan magaganap ang pagsusuri?
 - Tutukuyin kung isasagawa ang pagsusuri sa sintomas.
 - i. Karaniwan, ang pagsusuri ay dapat magaganap bago pumasok ang isang tao sa gusali, o isara ang pasukan ng gusali.
 - ii. Maaaring kailanganin ng mga gusali na isara ang ilan sa pasukan upang panatilihin ang mga tao na makapasok nang hindi sinasala.
 - iii. Ang pasukan ay dapat may sapat na espasyo sa palibot para manatiling magkahiwalay ang mga tauhan nang 6 na talampakan habang naghihintay ng pagsusuri sa simula ng shift ng trabaho. Maglagay ng mga marka sa sahig para sa physical distancing habang ang mga tauhan ay nakapila para suriin.
 - iv. Ang nagsusuri at ang taong sinusuri ay dapat may 6 na talampakan ang pagitan sa isa-t isa at mula sa iba.
 - v. Kapag berbal na tinatanong, ang mga estasyon ng pagsusuri ay dapat isaayos para mapanatili ang pagiging kumpidensiyal ng taong sinusuri.
5. Itinatago ba ng mga negosyo ang file sa mga temperatura at sintomas ng mga tauhan?
 - Maaaring magpasya ang mga negosyo kung gusto nilang itago ang mga katanungan sa pagsusuri sa COVID-19. Kaya, hinihiling ng Cal/OSHA ang mga negosyo na itago ang mga dokumentong ito nang 30 taon pagkatapos umalis sa organisasyon. Tingnan ang Pag-access ng Cal/OSHA sa pamantayan ng Pagkalantad ng Empleyado at Medikal na Tala (8 CCR 3204).

TEMPERATURA NG PAGSUSUKAT

Karamihan ng mga negosyo ay hindi nirerekomendang gawin ang pagsusuri sa temperatura. Ang pagsusuri sa temperatura ay hindi pumapalit sa ibang pamamaraan ng pagkontrol ng indibidwal at pagsusuri tulad ng pagsusuri sa sintomas at sariling pagsusuri sa potensiyal na pagkalantad sa COVID-19. Suriin muna ang mga sintomas ng COVID-19. Ang mga taong sumagot sa mga tauhan sa sinumang nagsasala at nagtatanong para sa sariling pagsusuri ay hindi na kailangang suriina ng kanilang temperatura at dapat manatili/umuwi sa bahay.

Gayunman, nirerekomenda ng CDC na **parehong** nagtatanong tungkol sa pagsusuri sa COVID-19 at tinitingnan ang mga temperatura ng tukoy na mga grupo kapag dumarating sila sa espesipikong mga lugar ng trabaho o pasilidad, kabilang ang:

1. Mga tauhan na nagrereport sa trabaho sa mga palisidad ng pangangalaga sa kalusugan, kabilang ang dalubhasang nars at pangmatagalang pangangalaga. Para sa karagdagang patnubay para sa mga pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga sa Alameda County bisitahin [dito](#).
2. Mga tauhan, bisita at bilanggo/nakulong na mga tao sa piitan at kulungan na mga pasilidad.
3. Mahahalagang manggagawa sa Imprastruktura na pinahihintulatang magpatuloy pagkatapos ng close contact sa isang taong pinaghihinalaan o kumpirmadong may COVID-19, kabilang ang:
 - Pederal, estado at lokal na pagpapatupad ng batas
 - 911 na mga empleyado sa call center
 - Mga empleyado ng Fusion Center
 - Mga tagaresponde sa mapanganib na materyal mula sa gobyerno at pribadong sektor
 - Mga dyanitor na tauhan at iba pang tauhan sa paglilinis
 - Mga manggagawa – kabilang ang mga may kontratang nagtitinda – sa pagkain at agrikultura, mahalagang pabrika, informational technology, transportasyon, enerhiya at mga pasilidad ng pamahalaan
 - Mga kliyenteng dumarating sa mga shelter ng walang tahanan
 - Mga batang patungo sa mga programa ng pangangalaga sa bata, kabilang ang mga programa ng pre-K (pre-kindergarten) program. Binabanggit ng mga patnubay ng CDC na ang mga programa sa

pangangalaga sa kalusugan ay maaaring magpahintulot sa magulang na kunin ang temperatura ng bata bago o sa oras ng pagdating, pagkatapos ay ireport ang temperatura sa childcare. Kabilang sa mga programa ng child care, ang mga sumusunod:

- i. Mga programa ng pangangalaga sa anak ng pamilya, na kilala rin bilang pangangalaga sa anak sa loob ng tahanan
- ii. Mga Pre-K (Pre-kindergarten) na programa sa mga pribado at pampublikong paaralan
- iii. Mga Heart Start at Maagang Head Start na programa
- iv. Mga center ng pribadong childcare

Sinusukat ba ng ibang mga negosyo ang mga temperatura ng mga tauhan o iba pang dumating sa kanilang gusali?

Sa panahong ito, hindi nirerekomenda ng Public Health Department ng Alameda County ang lahat ng negosyo na laging sukatin ang mga temperatura ng mga tauhan para suriin sa posibleng COVID-19.

Ang mga benepisyo ng pagtatanong tungkol sa mga sintomas at pagkuha ng mga temperatura ay ang pinakamainam sa sumusunod na mga sitwasyon:

- Kapag ang maramihang mahahalagang manggagawa sa imprastruktura ang nahawa ng COVID-19, at kinakailangang i-quarantine sa bahay ang lahat ng nahawang mga manggagawa sa loob ng 14 araw, magdudulot ito ng malaking kakulangan sa mga tauhan.
- Ang mga saradong kapaligiran kung saan maaaring kumalat nang mabilis ang COVID-19 kapag binuksan sa pasilidad, tulad ng mga nursing home, kulungan, at mga pasilidad ng bilangguan.
- Ang mga sitwasyon kung saan mas epektibo ang mga pamamaraan tulad ng pananatiling magkalayo nang 6 na pulgada at ang bawat isa ay nakasuot ng mask sa mukha/takip sa mukha ay hindi madali, tulad sa mga programa ng pangangalaga sa bata.
- Mga lugar na naglilingkod sa mga tao sa mataas na panganib ng malalang pagkakasakit sa COVID-19 tulad ng mga ospital, klinika, at nursing home.

PAGSASAAYOS NG MGA ESTASYON NG PAGKUHA NG TEMPERATURA

1. Tingnan ang mga bullet point #1, #2, #3, and #4 sa seksyon na PAGESASAAYOS NG MGA TANONG SA PAGESASALA.
2. Magtakda ng pisikal na hadlang, tulad ng salamin na bintana o malinaw na plastik na harang sa mesa, para sa taong kumukuha ng temperatura para tumayo sa loob
 - Ang mga estasyon ay dapat isaayos nang 6 na talampakan ang layo mula sa isa't isa, at sa paraan na pinananatili ang pagiging kumpidensiyal ng taong sinusuri.
 - Kung hindi maaaring ilagay ang harang, ang taong sumusukat ng temperatura ay dapat magsuot ng sumusunod: personal protective equipment (PPE): facemask, proteksyon sa mata (goggles o panangga sa mukha na isang beses lang dapat gamitin na natatakpan nang buo ang harapan at mga gilid ng mukha), at mga guwantes na isang beses lang ginagamit. Gayunman, ang PPE lang ay hindi gaanong epektibo kaysa sa harang. Bilang karagdagan, ang mga tauhan ay dapat sanayin kung paano ginagamit ang PPE.
3. Kapag pumipili ng uri ng termometro na gagamitin:
 - Para sa lahat ng mga uri ng termometro, ang mas mataas na kalidad ng termometro ay posibleng magkakaroon ng higit na wastong sukat. Sundin ang mga patnubay ng mga tagapagmanupaktura.
 - Nirerekomenda ng Public Health Department ng Alameda County ang mga termometro (infrared) na hindi nahahawakan, na may sumusunod na babala:

- i. May posibilidad na hindi matantiya nang tama ang mga temperatura sa mga termometro na hindi nahahawakan kumpara sa termometrong inilalagay sa bibig, lalo na kapag ginagamit sa labas.
- Kapag ginagamit ang mga termometrong inilalagay sa bibig, ang pagkain o pag-inom ng likido at solido sa loob ng 30 minuto ay maaaring magdulot ng maling pagbasa.

MGA PAMAMARAAN NG PAGSUKAT SA MGA TEMPERATURA

Isinasaalang-alang ng Public Health Department ng Alameda County ang sinumang may temperatura na 100 degrees F (37.8 C) o mas mataaas para magkaroon ng lagnat. **Sinumang may lagnat na temperatura na 100 degrees F (37.8 C) o mas mataas ay dapat pauwiin sa bahay.** Ang mga temperaturang mas mababa sa 96°F (35.6°C) ay dapat suriin muli para matiyak na tama ang pagbasa.

1. Mga pangangasiwa sa pagsukat ng temperatura kapag may magagamit na pisikal na harang (mas pinipili)
 - Kapag nagsusukat ng mga temperatura, tumayo sa likod ng malinaw na pisikal na harang, tulad ng bintanang salamin o plastik na partisyon, para protektahan ang inyong mukha mula sa mga droplet ng respiratoryo na maaaring mabuo kapag bumabahin, umuubo, o nagsasalita ang kliyente.
 - Kapag dumating ka sa estasyon ng temperatura, hugasan ang inyong mga kamay, at magsuot ng mga guwantes na isang beses lang ginagamit.
 - i. Maghugas ng mga kamay gamit ang sabon at tubig sa loob ng 20 segundo. Kung walang tubig at sabon, gumamit ng hand sanitizer bago gumamit ng hand sanitizer na may alkohol.
 - Para sukatin ang temperatura, ilabas ang inyong kamay sa partisyon o sa bintana. Tiyakin na ang inyong mukha ay nasa likod ng harang sa lahat ng oras.
 - i. Kapag ang temperatura ay mas mababa sa 96°F (35.6°C), suriin muli.
 - ii. Kapag gumagamit ng termometer ha hindi hinahawakan (infra-red) o sa noo, kung hindi mo hinawakan ang taong sinusuri, hindi mo kailangang magpalit ng mga guwantes bago ang susunod na pagsusuri.
 - iii. Kapag gumagamit ng termometro sa noo, linisin ito gamit ang pampunas na alkohol (o isopropyl alcohol sa cotton swab) sa pagitan ng bawat kliyente. Maaari mong gamitin muli ang parehong pampunas basta't nananatili itong basa.
 - iv. Kapag gumagamit ng termometro sa bibig, gumamit ng malinis na guwantes para sa bawat indibidwal at linising mabuti ang termometro sa pagitan ng bawat pagsusuri. Ang termometro sa bibig na may takip na isang beses lamang ginagamit ay maaari ring gamitin.
 - Sa katapusan ng shift o kapag umaalis sa lokasyon ng pagsusuri sa temperatura, tanggalin at itapon ang mga guwantes at hugasan ang mga kamay tulad ng inilalarawan sa itaas.
2. Mga direksyon sa pagsukat ng temperatura kapag walang pisikal na harang (PPE lamang):
 - Sa oras ng pagdating, hugasan ang inyong mga kamay at ilagay ang mask sa bibig, proteksyon sa mata (goggles o harang sa mukha na isang beses lang ginagamit na natatakpan ang harapan at gilid ng mukha), at ang isahang pares ng mga guwantes na isang beses lang ginagamit.
 - i. Sundin ang kasalukuyang mga rekomendasyon ng CDC para sa mga facemask at proteksyon sa mata sa <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/hcp/ppe-strategy/face-masks.html>
 - ii. Sundin ang iyong patnubay para sa inyong pasilidad kung paano ilalagay at tatanggalin ang PPE nang ligtas. Kung walang umiiral na gabay, ang nirerekomandang pagkakasunod-sunod ng CDC para sa pagsusuot at paghuhubad ng PPE ay sa <https://www.cdc.gov/niosh/npptl/pdfs/PPE-Sequence-508.pdf>
 - iii. Ang mga salamin sa mata ay hindi itinuturing na sapat na proteksyon sa mata dahil hindi nito tinatakpan ang mga gilid ng mukha.

- iv. Hugasan ang mga kamay gamit ang sabon at tubig nang 20 segundo. Kapag hindi magagamit ang sabon at tubig, gamitin ang hand sanitizer na may 60% alkohol man lamang. Kapag ang mga kamay ay nakikitang marumi, dapat gumamit ng tubig at sabon bago gumamit ng mga hand sanitizer na may alkohol.
 - Tingnan ang temperatura.
 - i. Kapag ang temperatura ay mas mababa sa 96°F (35.6°C), suriin muli.
 - ii. Kapag gumagamit ng (infrared) o hindi hinahawakan o sa noo na termometro, kung hindi mo hinahawakan ang taong sinusuri, hindi mo na kailangang palitan ang mga guwantes bago ang susunod na pagsusuri.
 - iii. Kapag gumagamit ng termometro sa noo, linisin ito gamit ang pampunas na alkohol (o isopropyl alcohol sa cotton swab) sa pagitan ng bawat kliyente. Maaari mong gamitin muli ang parehong pampunas basta't nananatili itong basa.
 - iv. Kapag gumagamit ng termometro sa bibig, gumamit ng malinis na guwantes para sa bawat indibidwal at linising mabuti ang termometro sa pagitan ng bawat pagsusuri. Ang termometro sa bibig na may takip na isang beses lamang ginagamit ay maaari ring gamitin.
 - Sa katapusan ng shift, o kapag umaalis sa lokasyon ng pagsasala (hal. para sa pagkain ng tanghalian), pagtanggap at pagtatapon ng PPE, at paghuhugas ng mga kamay tulad ng inilalarawan sa itaas.
3. Mga kundisyon na maaaring makaapekto sa pagbasa ng temperatura.
- Ang temperatura sa paligid, sikat ng araw at hangin ay maaaring magdulot ng hindi angkop na pagbasa sa noo (temporal) o infrared na termometro kapag ginagamit sa labas.
 - Ang pagkain o pag-inom ng mga likido at solido sa loob ng 30 minuto ay maaaring magdulot ng hindi tamang pagbasa sa termometro na ginagamit sa bibig.
 - Ang pag-eehersisyo sa loob ng 30 minuto ay maaaring magdulot ng mataas na temperatura sa lahat ng device.
 - Ang mga gamot tulad ng aspirin, acetaminophen (Tylenol), ibuprofen (Motrin), at naproxen (Aleve) ay makagagamot sa lagnat.
 - Ang mga pasyenteng matatanda at may problema sa immune system ay maaaring hindi magkaroon ng mataas na lagnat.
 - Ang mga pasyenteng naninirahan sa malamig na lugar ay maaaring magkaroon ng mababang temperatura ng katawan kahit na may impeksyon. Ang device ng temperatura ay maaaring magpakita ng aktuwal na temperatura ng katawan, subalit ang temperatura ng katawan ay maaaring hindi tumaas bilang tugon sa impeksyon.